

SUUNTO TRAVERSE 2.0


GABAY NG GUMAGAMIT


1. KALIGTASAN.....	4
2. Pagsisimula.....	6
2.1. Paggamit sa mga button.....	6
2.2. I-set up.....	7
2.3. Pag-a-adjust ng mga setting.....	8
3. Mga Feature.....	9
3.1. Pagsubaybay sa aktibidad.....	9
3.2. Alti-Baro.....	10
3.2.1. Pagkuha ng mga tamang reading.....	11
3.2.2. Pagtutugma ng profile sa aktibidad.....	13
3.2.3. Paggamit sa profile na altimeter.....	13
3.2.4. Paggamit sa profile ng barometer.....	14
3.2.5. Paggamit sa awtomatikong profile.....	14
3.3. Autopause.....	14
3.4. Backlight.....	14
3.5. Button lock.....	15
3.6. Compass.....	16
3.6.1. Pagka-calibrate sa compass.....	16
3.6.2. Pagse-set ng deklinasyon.....	17
3.6.3. Pagse-set ng bearing lock.....	18
3.7. Countdown timer.....	18
3.8. Mga Display.....	19
3.8.1. Pag-a-adjust sa contrast ng display.....	19
3.8.2. Pag-i-invert sa kulay ng display.....	20
3.9. FusedAlti.....	20
3.10. Hanapin ang pabalik.....	20
3.11. Mga Icon.....	21
3.12. Logbook.....	23
3.13. Indicator ng nalalabing memory.....	23
3.14. Movescount.....	24
3.15. Mobile app ng Movescount.....	24
3.15.1. Pagsi-sync sa mobile app.....	25
3.16. Pagna-navigate gamit ang GPS.....	26
3.16.1. Pagkuha ng GPS signal.....	26
3.16.2. Mga GPS grid at format ng posisyon.....	26
3.16.3. Katumpakan ng GPS at pagtitipid ng baterya.....	27
3.16.4. GPS at GLONASS.....	28
3.17. Mga Notipikasyon.....	28
3.18. Pagre-record ng mga aktibidad.....	29
3.19. Pagpe-pair ng heart rate sensor.....	29

3.20. Mga point of interest.....	30
3.20.1. Pag-alam sa iyong lokasyon.....	31
3.20.2. Pagdaradag ng POI.....	31
3.20.3. Pagbubura ng POI.....	32
3.21. Mga Ruta.....	32
3.21.1. Navigating a route.....	33
3.21.2. Sa panahon ng pag-navigate.....	33
3.22. Menu ng serbisyo.....	34
3.23. Mga update sa software.....	36
3.24. Mga sport mode.....	36
3.25. Stopwatch.....	36
3.26. Mga Suunto App.....	37
3.27. Oras.....	37
3.27.1. Alarm clock.....	38
3.27.2. Pagsi-sync ng oras.....	38
3.28. Mga tunog at vibration.....	39
3.29. Track back.....	39
3.30. Mga indicator ng lagay ng panahon.....	39
4. Pangangalaga at suporta.....	41
4.1. Mga gabay sa pangangalaga.....	41
4.2. Water resistance (hindi pinapasok ng tubig).....	41
4.3. Pagcha-charge ng baterya.....	41
4.4. Pagkuha ng suporta.....	42
5. Reperensya.....	43
5.1. Mga teknikal na detalye.....	43
5.2. Pagsunod.....	44
5.2.1. CE.....	44
5.2.2. Pagsunod sa FCC.....	44
5.2.3. IC.....	45
5.2.4. NOM-121-SCT1-2009.....	45
5.3. Ang tatak-pangkalakal.....	45
5.4. Abiso ng patent.....	45
5.5. International Limited Warranty.....	45
5.6. Copyright.....	47

1. KALIGTASAN

Mga uri ng mga pag-iingat para sa kaligtasan


 **BABALA:** - ay ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na maaaring magdulot ng malubhang pinsala o pagkamatay.


 **MAG-INGAT:** - ay ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na magdudulot ng pinsala sa produkto.

 **PAALALA:** - ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.

 **TIP:** - ay ginagamit para sa mga karagdagang tip kung paano gagamitin ang mga feature at function ng device.

Mga pag-iingat para sa kaligtasan

 **BABALA:** MAAARING MAGKAROON NG MGA ALLERGIC NA REAKSYON O IRITASYON SA BALAT KAPAG NAKALAPAT SA BALAT ANG PRODUKTO, KAHIT NA SUMUSUNOD ANG AMING MGA PRODUKTO SA MGA PAMANTAYAN NG INDUSTRIYA. KAPAG NANGYARI ITO, IHINTO AGAD ANG PAGGAMIT AT KUMONSULTA SA DOKTOR.

 **BABALA:** PALAGING KUMONSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO SIMULAN ANG ISANG PROGRAMA NG PAG-EEHERSISYO. MAAARING MAGDULOT NG NAKAMAMATAY NA PINSALA ANG LABIS NA PAGGAMIT NG LAKAS.

 **BABALA:** GINAGAMIT LANG ITO PARA SA PAGLILIBANG.


 **BABALA:** HUWAG GANAP NA UMASA SA GPS O SA ITATAGAL NG BATERYA, PALAGING GUMAMIT NG MGA MAPA AT IBA PANG BACKUP NA MATERYAL UPANG MATIYAK ANG IYONG KALIGTASAN.

 **MAG-INGAT:** HUWAG MAGPAHID SA PRODUKTO NG ANUMANG URI NG SOLVENT, DAHIL MAAARI NITONG MAPINSALA ANG PANG-IBABAW NA BAHAGI NG PRODUKTO.

 **MAG-INGAT:** HUWAG MAGPAHID SA PRODUKTO NG PANGONTRA SA INSEKTO, DAHIL MAAARI NITONG MAPINSALA ANG PANG-IBABAW NA BAHAGI NG PRODUKTO.

 **MAG-INGAT:** HUWAG ITAPON ANG PRODUKTO, SA HALIP, ITURING ITONG ISANG BASURANG ELEKTRONIKO UPANG MAPANGALAGAAN ANG KAPALIGIRAN.


 **MAG-INGAT:** HUWAG ISAGI O IBAGSAK ANG DEVICE, DAHIL MAAARI ITONG MASIRA.

 **PAALALA:** Sa Suunto, gumagamit kami ng mga advanced na sensor at algorithm upang bumuo ng mga sukatang makakatulong sa iyo sa iyong mga aktibidad at pakikipagsapalaran. Nagsusumikap kaming maging tumpak hangga't maaari. Gayunpaman, walang data na nakolekta ng aming mga produkto at serbisyo ang lubusang maaasahan, hindi rin ganap na tumpak ang mga sukatang binubuo ng mga ito. Maaaring hindi tumugma sa realidad ang mga calorie, bilis ng pintig ng puso, lokasyon, pagtukoy ng galaw, pagkilala sa shot, mga indicator ng pisikal na stress at iba pang mga pagsukat. Ang mga produkto at serbisyo ng Suunto ay para lang sa paglilibang at hindi ginawa para sa anumang uri ng mga layuning medikal.

2. Pagsisimula

2.1. Paggamit sa mga button

Suunto Traverse ay may mga button na nagbibigay-daan sa iyong i-access ang lahat ng feature.



[START] :

- pindutin upang i-access ang start menu
- pindutin upang i-pause o ituloy ang pagre-record o ang timer
- pindutin upang magdagdag ng value o pumunta sa itaas ng menu
- pindutin nang matagal upang simulan ang pagre-record o upang mag-access ng listahan ng mga available na mode
- pindutin nang matagal upang ihinto at i-save ang pagre-record

[NEXT] :

- pindutin upang palitan ang mga display
- pindutin upang maglagay/tumanggap ng setting
- pindutin nang matagal upang i-access ang/lumabas sa menu ng mga opsyon

[LIGHT] :


- pindutin upang i-activate ang backlight
- pindutin upang babaan ang isang value o pumunta sa ibaba ng menu
- pindutin nang matagal upang i-activate ang flashlight
- pindutin upang i-deactivate ang flashlight

[BACK LAP] :

- pindutin upang bumalik sa nakaraang menu
- pindutin upang magdagdag ng lap habang nagre-record
- pindutin nang matagal upang i-lock/i-unlock ang mga button

[VIEW] :

- pindutin upang i-access ang iba pang mga view ng display
- pindutin nang matagal upang i-save ang POI


 **TIP:** Kapag binabago ang mga value, maaari mo itong mas pabilisin sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [START] o [LIGHT] hanggang sa mas bumilis ang pag-scroll ng mga value.

2.2. I-set up


Upang masulit ang iyong Suunto Traverse, inirerekomenda namin na i-download ang Suunto Movescount App at gumawa ng libreng Suunto Movescount account bago i-on ang iyong relo. O kaya naman, maaari mong bisitahin ang movescount.com upang gumawa ng user account.

Upang simulang gamitin ang iyong relo:


1. Pindutin nang matagal ang [START] upang i-on ang device.
2. Pindutin ang [START] o [LIGHT] upang mag-scroll patungo sa gustong wika at pindutin ang [NEXT] upang piliin.



3. Sundin ang wizard ng pag-sisimula upang kumpletuhin ang mga paunang setting. Magtakda ng mga value sa pamamagitan ng [START] o [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] upang tanggapin at pumunta sa susunod na hakbang.



Kapag tapos na ang wizard ng pag-setup, i-charge ang relo gamit ang kasamang USB cable hanggang sa mapuno na ang baterya.



PAALALA: Kung may ipinapakitang simbolo ng baterya na patay-sindi, kailangang i-charge ang Suunto Traverse bago magsimula.


PAALALA: Kapag naubos na ang baterya, at icha-charge mong muli ang produkto, pindutin nang matagal ang START upang i-on ang produkto

2.3. Pag-a-adjust ng mga setting


Maaari mong palitan ang mga setting ng iyong Suunto Traverse nang direkta sa relo, sa pamamagitan ng Movescount, o kahit habang abala o nasa labas gamit ang Suunto Movescount App (tingnan ang 3.15. *Mobile app ng Movescount*).

Upang baguhin ang mga setting sa relo:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.



2. Mag-scroll sa menu gamit ang [START] at [LIGHT] .
3. Pindutin ang [NEXT] para maglagay ng setting.
4. Pindutin ang [START] at [LIGHT] upang i-adjust ang mga value ng setting at kumpirmahin gamit ang [NEXT] .



5. Pindutin ang [BACK LAP] para bumalik sa nakaraang menu o pindutin nang matagal ang [NEXT] upang lumabas.

3. Mga Feature


3.1. Pagsubaybay sa aktibidad


Sinusukat ng Suunto Traverse ang iyong mga pang-araw-araw na hakbang at tinatantya ang mga nabawas na calorie sa buong araw batay sa iyong mga personal na setting.

Available ang iyong tinantyang pang-araw-araw na bilang ng hakbang bilang default na view sa display ng oras. Pindutin ang [VIEW] upang gawin itong view ng counter ng hakbang. Ina-update ang bilang ng hakbang tuwing 60 segundo.




Ipinapakita ang bilang ng pang-araw-araw na hakbang at mga nabawas na calorie sa ilalim ng **DISPLAYS (MGA DISPLAY) » Steps (Mga Hakbang)**. Nire-reset ang mga value araw-araw sa hatinggabi.




 **PAALALA:** Ang pagsubaybay sa aktibidad ay batay sa iyong paggalaw gaya ng sinusukat ng mga sensor sa relo. Ang mga value na ibinibigay ng pagsubaybay sa aktibidad ay mga pagtatantya at hindi para sa anumang uri ng medikal na diagnostics.

History ng hakbang

Suunto Traverse nagbibigay ng kumpletong history ng bilang ng iyong hakbang. Ipinapakita sa display ng hakbang ang iyong mga pang-araw-araw na hakbang, pati na ang pangkalahatang-ideya ng mga lingguhan, buwanan at taunang trend. Maaari mong ipakita/ itago ang display ng hakbang mula sa start menu sa ilalim ng **DISPLAYS (MGA DISPLAY) » Steps (Mga Hakbang)**. Kapag naka-activate, maaari mong tingnan ang iyong history ng hakbang sa pamamagitan ng pagpindot sa [NEXT] upang mag-scroll sa mga aktibong display.



Habang nasa display ng mga hakbang, maari mong pindutin ang [VIEW] upang makita ang iyong mga 7 araw, 30



araw at taunang trend.


3.2. Alti-Baro

Suunto Traverse patuloy na sinusukat ang tiyak na pressure ng hangin gamit ang naka-built in na sensor ng pressure. Batay sa sukat na ito at sa mga sangguniang value, kinakalkula nito ang altitude o pressure ng hangin sa sea level.

May tatlong profile na available: **Automatic** (Awtomatiko), **Altimeter** (Altimeter) at **Barometer** (Barometer). Para sa impormasyon sa pagtatakda ng mga profile, tingnan ang 3.2.2.

Pagtutugma ng profile sa aktibidad.

Upang tingnan ang impormasyon sa alti-baro, pindutin ang [NEXT] habang nasa display ng oras o i-activate ang alti-baro display mula sa menu sa display.




Maaari kang magpalipat-lipat sa iba't ibang view sa pamamagitan ng pagpindot sa [VIEW] .

Sa altimeter na profile, maaari mong makita ang:

- altitude + temperatura

- altitude + pagsikat/paglubog ng araw
- altitude + reference point
- 12 oras na graph ng altitude + altitude



Sa barometer na profile, makukuha mo ang mga naaayong view:

- barometric pressure + temperatura
- barometric pressure + pagsikat/paglubog ng araw
- barometric pressure + reference point
- 24 na oras na graph ng barometric pressure + barometric pressure


Available ang mga view ng oras ng pagsikat at paglubog ng araw kapag na-activate ang GPS. Kung hindi aktibo ang GPS, ibinabatay ang mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw sa huling na-record na GPS data.

Maaari mong ipakita/itago ang alti-baro display sa ilalim ng start menu.

Upang itago ang alti-baro display:


1. Habang nasa display ng oras, pindutin ang [START] .
2. Mag-scroll patungo sa **DISPLAYS** (MGA DISPLAY) sa pamamagitan ng [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
3. Mag-scroll patungo sa **End Alti-Baro** (Ihinto ang Alti-Baro) at pindutin ang [NEXT] .
4. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang lumabas.

Ulitin ang proseso at piliin ang **Alti-Baro** (Alti-Baro) upang ipakitang muli ang display.


 **PAALALA:** Kung suot mo ang iyong Suunto Traverse sa iyong galang-galangan, kakailanganin mo itong tanggalin upang makakuha ng tumpak na resulta ng temperatura dahil maaapektuhan ng temperatura ng iyong katawan ang unang resulta.

3.2.1. Pagkuha ng mga tamang reading

Kung may ginagawa kang aktibidad sa labas na nangangailangan ng tumpak na air pressure o altitude ng sea level, kakailanganin mo munang i-calibrate ang iyong Suunto Traverse sa pamamagitan ng paglalagay ng alinman sa kasalukuyan mong altitude o sa kasalukuyang air pressure sa sea level.

 **TIP:** Ang eksaktong air pressure at nalalamang batayan ng altitude = air pressure sa sea level. Ang eksaktong air pressure at nalalamang air pressure sa sea level = altitude.

Maaaring makita ang altitude ng iyong lokasyon sa karamihan ng mga topographic na mapa o sa Google Earth. Ang batayang sea level air pressure para sa iyong lokasyon ay matatagpuan gamit ang mga website ng mga national weather service.



⚠ MAG-INGAT: Panatilihin walang dumi at buhangin sa paligid ng sensor. Huwag kailanman magpasok ng anumang bagay sa mga bukana ng sensor.

Kung naka-activate ang **FusedAlti** (FusedAlti), ang reading ng altitude ay awtomatikong itatama gamit ang **FusedAlti** (FusedAlti) kasama ng pag-calibrate ng altitude at pressure sa sea level. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang 3.9. *FusedAlti*.

Ang mga pagbabago sa mga kondisyon ng lokal na lagay ng panahon ay nakakaapekto sa mga reading ng altitude. Kung madalas magbago ang lokal na lagay ng panahon, ipinapayong i-reset nang madalas ang kasalukuyang batayang value ng altitude, mas mainam na bago pa man simulan ang iyong paglakbay kapag available na ang mga batayang value. Hangga't nananatiling walang pagbabago ang lokal na lagay ng panahon, hindi mo kailangang i-set ang mga batayang value.

Upang i-set ang batayang value ng pressure sa sea level at altitude:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll sa **ALTI-BARO** (Alti-baro) gamit ang [LIGHT] at pumasok gamit ang [NEXT].
3. Pindutin ang [NEXT] upang makapasok sa **Reference** (Batayan). Magagamit ang mga sumusunod na opsyon sa setting:
4. **FusedAlti**: I-on ang GPS at magsisimula nang kalkulahan ng relo ang altitude batay sa FusedAlti.
5. **Altitude** (Altitude): Manu-manong itakda ang iyong altitude.
6. **Sea level pressure** (Sea level pressure): Manu-manong itakda ang sangguniang bilang ng sea level pressure.
7. I-set ang batayang value gamit ang [START] at [LIGHT]. Tanggapin ang setting gamit ang [NEXT].

🗨 TIP: Kapag hindi nagre-record ng isang aktibidad, pindutin ang [START] sa display na alti-baro upang direktang makapunta sa menu ng **ALTI-BARO** (ALTI-BARO).

Gamitin ang halimbawa: Pag-set sa batayang value ng altitude

Nasa pangalawang araw ka ng iyong dalawang araw na hike. Natuklasan mong nakalimutan mong baguhin ang barometer na profile tungo sa altimeter na profile nang magsimula kang gumalaw noong umaga. Alam mong mali ang kasalukuyang mga reading ng altitude ng iyong Suunto Traverse.

Kaya, nag-hike ka sa pinakamalapit na lokasyong ipinapakita sa iyong topographic na mapa kung saan ibinibigay ang batayang value ng altitude. Itatama mo ang batayang value ng


altitude ng iyong Suunto Traverse nang naayon at lumipat sa altimeter na profile. Tamang muli ang mga reading ng iyong altitude.

3.2.2. Pagtutugma ng profile sa aktibidad

Dapat piliin ang profile ng altimeter kapag may kasamang mga pagbabago sa altitude ang iyong panlabas na aktibidad (gaya ng pagha-hike sa mga kabundukan).

Dapat piliin ang profile na barometer kung walang kasamang pagbabago sa altitude ang iyong panlabas na aktibidad (gaya ng canoeing).

Para makuha ang mga tamang reading, kailangang mong itugma ang profile sa iyong aktibidad. Maaari mong hayaan ang Suunto Traverse na magpasiya sa naaangkop na profile para sa aktibidad gamit ang awtomatikong profile, o ikaw mismo ang pumili ng profile.

 **PAALALA:** Maaari mo ring tukuyin ang partikular na profile para sa bawat isa sa iyong mga sport mode sa ilalim ng mga advanced na setting ng sport mode sa Movescount.

Para i-set ang alti-baro na profile:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll sa **ALTI-BARO** (ALTI-BARO) gamit ang [LIGHT] at pumasok gamit ang [NEXT] .
3. Mag-scroll sa **Profile** (Profile) gamit ang [START] at pumasok gamit ang [NEXT] .
4. Baguhin ang profile gamit ang [START] o [LIGHT] at kumpirmahin ang iyong pagpili gamit ang [NEXT] .
5. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang lumabas.

Mga hindi tamang reading

Kung naka-on ang profile ng altimeter sa pinahabang tagal ng panahon na ang device ay nasa naka-fix na lokasyon habang nagbabago ang lokal na lagay ng panahon, magbibigay ng mga hindi tamang reading ng altitude ang device.

Kung ginagamit mo ang profile na altimeter at madalas magbago ang lagay ng panahon habang paakyat ka sa altitude o pababa sa altitude, bibigyan ka ng device ng mga hindi tamang reading.

Kung ginagamit mo ang profile na borometer sa pinahabang tagal ng panahon habang umaakyat ka sa altitude o bumababa sa altitude, ipinapalagay ng device na hindi ka gumagalaw at pinapakahulugan ang iyong mga pagbabago sa altitude bilang mga pagbabago sa air pressure sa sea level. Kung gayon, bibigyan ka nito ng hindi tamang mga reading ng air pressure sa sea level.

3.2.3. Paggamit sa profile na altimeter

Kinakalkula ng altimeter na profile ang altitude batay sa mga batayang value. Ang batayang value ay maaaring sea level air pressure o altitude. Kapag ang Altimeter na profile ay naka-activate, ang icon ng altimeter ay ipinapakita sa itaas ng display ng alti-baro.



3.2.4. Paggamit sa profile ng barometer

Pinapakita ng barometer na profile ang kasalukuyang air pressure sa sea level. Base ito sa mga batayang value at sa palaging sinusukat na ganap na air pressure.

Kapag ang barometer na profile ay naka-activate, ang icon ng barometer ay ipinapakita sa display.



3.2.5. Paggamit sa awtomatikong profile


Ang awtomatiko na profile ay nagpapalit-palit sa pagitan ng altimeter at barometer na mga profile ayon sa mga galaw mo.

Hindi posibleng sukatin ang pagbabago sa lagay ng panahon at altitude nang sabay, dahil kapwang nagdudulot ng pagbabago ang mga ito sa pressure ng hangin. Suunto Traverse ay nakakaramdam ng paakyat na kilos at lumilipat ito sa pagsukat ng altitude, kung kinakailangan. Kapag ipinapakita ang altitude, ina-update ito nang may maximum delay na 10 segundo.

Kung hindi nagbabago ang iyong altitude (wala pang 5 metro ng pataas/pababa na kilos sa loob ng 12 minuto), nababasa ng Suunto Traverse ang lahat ng pagbabago sa pressure habang nagbabago ang lagay ng panahon. Ang pagitan ng mga pagsukat ay 10 segundo. Ang reading ng altitude ay nananatiling di-nagbabago at kung magbabago ang lagay ng panahon, makikita mo ang mga pagbabago sa reading ng air pressure sa sea level.

Kung nagbabago ang iyong altitude (mahigit sa 5 metro ng pataas/pababa na kilos sa loob ng 3 minuto), nababasa ng Suunto Traverse ang lahat ng pagbabago sa pressure bilang pagbabago sa altitude.

Depende sa kung anong profile ang gumagana, maa-access mo ang altimeter o barometer sa display na alti-baro gamit ang [VIEW] .

 **PAALALA:** Kapag ginagamit mo ang profile na awtomatiko, ang mga icon na barometer o altimeter ay hindi ipapakita sa display na alti-baro.

3.3. Autopause

Pino-pause ng autopause ang pagre-record ng iyong aktibidad kapag mas mabagal sa 2 km/h (1.2 mph) ang iyong bilis. Kapag mas bumilis ka pa kaysa sa 3 km/h (1.9 mph), awtomatikong magpapatuloy ang pagre-record.

Maaari mong i-on/i-off ang bawat sport mode sa Movescount, sa ilalim ng mga advanced na setting para sa sport mode.

3.4. Backlight

Kapag pinindot ang [LIGHT] , maa-activate ang backlight.


Bilang default, mao-on ang backlight sa loob ng ilang segundo at awtomatiko itong mao-off.

May apat na backlight mode:

- **Normal** (Normal): Mao-on ang backlight sa loob ng ilang segundo kapag pinindot mo ang [LIGHT] at kapag tumunog ang alarm clock. Ito ang default na setting.
- **Off** (Naka-off): Hindi nao-on ang backlight sa pamamagitan ng pagpindot ng button o kapag tumunog ang alarm clock.
- **Night** (Gabi): Mao-on ang backlight sa loob ng ilang segundo kapag pumindot ka ng anumang button at kapag tumunog ang alarm clock.
- **Toggle** (Naka-toggle): Mao-on ang backlight kapag pinindot mo ang [LIGHT] at mananatiling naka-on hanggang sa pipindutin mong muli ang [LIGHT] .


Maaari mong baguhin ang pangkalahatang setting ng backlight sa mga setting ng relo sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Tones/display** (Mga tunog/display) » **Backlight** (Backlight). Maaari mo ring baguhin ang pangkalahatang setting sa Movescount.

Maaari mong isaayos ang liwanag ng backlight (sa porsyento), alinman sa mga setting ng relo sa ilalim ng **Tones/display** (Mga tunog/display) » **Backlight** (Backlight) o sa Movescount.

 **TIP:** Kapag naka-lock ang mga button na [BACK LAP] at [START] , maaari mo pa ring i-activate ang backlight sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] .

Flashlight

Bukod pa sa mga karaniwang backlight mode, ang Traverse ay may isang karagdagang mode kung saan ang backlight ay awtomatikong itinatakda sa maximum na liwanag at maaaring gamitin bilang flashlight. Upang i-activate ang flashlight, pindutin nang matagal ang [LIGHT] .



Mananatiling naka-on ang flashlight sa loob ng apat na minuto. Maaari mo itong i-off anumang oras sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] o [BACK LAP] .

3.5. Button lock

Kapag nakapindot nang matagal ang [BACK LAP] , maila-lock at maia-unlock ang mga button.




Mapapalitan mo ang galaw ng button lock sa mga setting ng relo sa ilalaim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Tones/display** (Mga Tunog/display) / **Button lock** (Lock ng button).

Ang iyong Suunto Traverse ay may dalawang opsyon sa pag-lock:

- **Actions only** (Mga Aksyon lang): Naka-lock ang mga menu na magsimula at mga opsyon.

- **All buttons** (Lahat ng button): Naka-lock lahat ng mga button. Maaaring i-activate ang backlight sa **Night** (Gabi) na mode.

 **TIP:** Piliin ang **Actions only** (Mga aksyon lang) na setting ng button lock para sa mga sport mode upang maiwasan maiwasan ang aksidenteng pagsisimula o pagpapahinto ng iyong log. Kapag ang mga button na [BACK LAP] at [START] ay naka-lock, maaari mo pa ring baguhin ang mga display sa pamamagitan ng pagpindot sa [NEXT] at ang mga view sa pamamagitan ng pagpindot sa [VIEW].


3.6. Compass

Suunto Traverse ay may digital na compass na nagbibigay sa iyo ng kakayahang malaman kung nasaan ang magnetic north. Ang tilt-compensated na compass ay nagbibigay sa iyo ng mga tumpak na resulta kahit na hindi ganap na nakapahalang ang compass.

Maaari mong ipakita/itago ang display ng compass mula sa start menu sa ilalim ng **DISPLAYS** (MGA DISPLAY) » **Compass** (Compass).

Kasama sa default na display ng compass ang sumusunod na impormasyon:

- gitnang row: heading ng compass sa degrees
- ibabang row: pindutin ang [VIEW] upang makita ang kasalukuyang oras, cardinal na direksyon o blangko (walang value)




Maaari mong baguhin ang impormasyon sa display ng compass mula sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **General** (Pangkalahatan) » **Formats** (Mga Format) » **Compass unit** (Unit ng compass). Piliin kung alin ang pangunahing value sa gitna ng display ng compass: mga degree, Mil o cardinal.

Lilipat ang compass sa power saving mode pagkalipas ng isang minuto. Muli itong i-activate sa pamamagitan ng [START].

3.6.1. Pagka-calibrate sa compass

Kung hindi mo pa nagagamit dati ang compass, kailangan mo muna itong i-calibrate. Ikutin at ikiling ang relo sa iba-ibang direksyon hanggang sa mag-beep ito, na nagsasabing tapos na ang pagka-calibrate.



Kung matagumpay ang pagka-calibrate, ang salitang **Calibration successful** (Tagumpay ang pagka-calibrate) ay ipapakita. Kung hindi matagumpay ang pagka-calibrate, ang salitang **Calibration failed** (Hindi matagumpay ang pagka-calibrate) ay ipapakita. Upang muling subukan ang pag-calibrate, pindutin ang [START].

Kung nai-calibrate mo na ang compass at gusto mong muli itong i-calibrate, maaari mong manu-manong simulan ang proseso ng pag-calibrate.

Upang manu-manong masimulan ang pagka-calibrate sa compass:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll sa **NAVIGATION** (PAG-NAVIGATE) gamit ang [START] at pumasok gamit ang [NEXT].
3. Mag-scroll sa **Settings** (Mga Setting) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT].
4. Mag-scroll sa **Compass** (Compass) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT].
5. Pindutin ang [NEXT] upang piliin ang **Calibration** (Pagka-calibrate).

3.6.2. Pagse-set ng deklinasyon

Upang matiyak ang tamang reading ng compass, mag-set ng tumpak na value ng deklinasyon.


Ang mga mapang papel ay nakaturo sa totoong hilaga. Ang mga compass naman ay nakaturo sa magnetic na hilaga – isang rehiyon sa itaas ng Mundo kung saan humihila ang mga magnetic field ng Mundo. Dahil wala sa parehong lokasyon ang magnetic na Hilaga at totoong Hilaga, dapat mong i-set ang value ng deklinasyon sa iyong compass. Ang anggulo sa pagitan ng magnetic at totoong hilaga ay ang iyong value ng deklinasyon.

Lumilitaw ang value ng deklinasyon sa karamihan ng mga mapa. Nagbabago taun-taon ang lokasyon ng magnetic na Hilaga, kaya ang pinakatumpak at napapanahong value ng deklinasyon ay maaaring makuha sa internet (halimbawa sa www.magnetic-declination.com).


Gayunman, ang mga orienteering map ay iginuguhit kaugnay ng magnetic na hilaga. Ang ibig sabihin nito ay kapag gumagamit ka ng mga orienteering map kailangan mong i-off ang pagtatama sa value ng deklinasyon sa pamamagitan ng pagse-set sa value ng deklinasyon sa 0 degrees.

Upang i-set ang value ng deklinasyon:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll sa **NAVIGATION** (NAVIGATION) gamit ang [START] at pumasok gamit ang [NEXT].
3. Mag-scroll sa **Settings** (Mga Setting) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT].
4. Mag-scroll sa **Compass** (Compass) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT].
5. Mag-scroll sa **Declination** (Deklinasyon) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT].
6. I-off ang deklinasyon sa pamamagitan ng pagpili sa -- (-), o piliin ang **W** (W) (west o kanluran) o **E** (E) (east o silangan). I-set ang value ng deklinasyon gamit ang [START] o [LIGHT].



7. Pindutin ang [NEXT] upang tanggapin ang setting.


 **TIP:** Maaari mo ring puntahan ang navigation menu at ang mga setting ng compass sa pamamagitan ng pagpindot sa [START] habang nagna-navigate.


3.6.3. Pagseset ng bearing lock

Maaari mong markahan ang direksyon tungo sa iyong target na kaugnay ng Hilaga gamit ang bearing lock na feature.

Upang mag-lock ng bearing:

1. Kapag aktibo ang compass, hawakan ang relo sa iyong harapan at umikot papunta sa target mo.
2. Pindutin ang [BACK LAP] upang i-lock ang kasalukuyang degree na ipinapakita sa relo bilang bearing mo.
3. Sinasabi ng tatsulok na walang laman ang naka-lock na bearing, alinsunod sa indicator ng Hilaga (solid na tatsulok).
4. Pindutin ang [BACK LAP] para i-clear ang bearing lock.



 **PAALALA:** Kapag ginagamit ang compass habang nagre-record ng isang aktibidad, ang [BACK LAP] button ay magla-lock lang at iki-clear nito ang bearing. Lumabas mula sa compass view para makapag-lap gamit ang [BACK LAP].


3.7. Countdown timer


Maaari mong i-set ang countdown timer na mag-count down mula sa isang naka-preset na oras hanggang zero. Maaari mo itong ipakita/itago mula sa start menu sa ilalim ng **DISPLAYS** (MGA DISPLAY) » **Countdown** (Mag-countdown).

Kapag naka-activate, maaaring puntahan ang timer sa pamamagitan ng pagpindot sa [NEXT] hanggang sa lumabas ang timer.



Limang minuto ang default na oras ng countdown. Maaari mong i-adjust ang oras na ito sa pamamagitan ng pagpindot sa [VIEW] .

 **TIP:** Maaari mong i-pause/ipagpatuloy ang countdown sa pamamagitan ng pagpindot sa [START] .

 **PAALALA:** Hindi available ang countdown timer habang kasalukuyang nagre-record ng aktibidad.

3.8. Mga Display

May ilang iba't ibang feature ang iyong Suunto Traverse, gaya ng compass (tingnan ang 3.6. *Compass*) at stopwatch (tingnan ang 3.25. *Stopwatch*). Pinangangasiwaan ang mga ito bilang mga display na maaaring makita sa pamamagitan ng pagpindot sa [NEXT] . Ang ilan sa mga ito ay permanente, ang iba naman ay maaari mong ipakita o itago kung gusto mo.

Upang ipakita/itago ang mga display:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll patungo sa **DISPLAYS** (MGA DISPLAY) sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] at sa pagpindot sa [NEXT] .
3. Sa listahan ng display, magpalipat-lipat ng alinmang feature sa naka-on/naka-off sa pamamagitan ng pag-i-scroll patungo rito gamit ang [START] o [LIGHT] at pagpindot sa [NEXT] . Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang lumabas sa menu ng mga display kung kailangan.

Marami ring display ang iyong mga sport mode (tingnan ang 3.24. *Mga sport mode*) na maaari mong i-customize upang makakita ng iba-ibang impormasyon habang nagre-record ng isang aktibidad.

3.8.1. Pag-a-adjust sa contrast ng display

Dagdagan o bawasan ang contrast ng display ng iyong Suunto Traverse sa mga setting ng relo.

Upang i-adjust ang contrast ng display:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Pindutin ang [NEXT] para makapasok sa mga **GENERAL**(PANGKALAHATAN) na setting.
3. Pindutin ang [NEXT] para makapasok sa **Tones/display** (Mga tunog/display).
4. Mag-scroll sa **Display contrast** (Contrast ng display) gamit ang [LIGHT] at pumasok gamit ang [NEXT] .
5. Dagdagan ang contrast gamit ang [START] , o bawasan ito gamit ang [LIGHT] .
6. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang lumabas.

3.8.2. Pag-i-invert sa kulay ng display

Palitan ang display sa pagitan ng madilim at maliwanag sa pamamagitan ng mga setting sa relo.

Upang i-invert ang display sa mga setting ng relo:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Pindutin ang [NEXT] para makapasok sa mga **GENERAL** (PANGKALAHATAN) na setting.
3. Pindutin ang [NEXT] para makapasok sa **Tones/display** (Mga tunog/display).
4. Mag-scroll sa **Invert display** (I-invert ang display) gamit ang [START] at i-invert gamit ang [NEXT].

3.9. FusedAlti

Ang FusedAlti™ ay nagbibigay ng sukat ng altitude na kumbinasyon ng GPS at barometric altitude. Binabawasan nito ang epekto ng mga pansamantala at ino-offset ang mga pagkakamali sa huling reading ng altitude.



PAALALA: *Bilang default, sinusukat ang altitude gamit ang FusedAlti sa panahon ng mga pagre-record na gumagamit ng GPS at sa panahon ng pag-navigate. Kapag naka-off ang GPS, ang altitude ay sinusukat gamit ang barometric sensor.*

Kung hindi mo gustong gamitin ang FusedAlti sa pagsusukat ng altitude, i-set ang iyong pagbabatayang value sa altitude o sea level pressure.

Maaari kang maghanap ng bagong batayang value sa FusedAlti sa pamamagitan ng pag-activate dito sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **ALTI-BARO** (ALTI-BARO) » **Reference** (Pagbabatayan) » **FusedAlti**.

Sa magagandang kondisyon, gumugugol ang FusedAlti ng 4-12 minuto upang makakuha ng pagbabatayang value. Sa panahong iyon, ipinapakita ng Suunto Traverse ang barometric altitude gamit ang ^m bago ang reading upang ipahiwatig na maaaring mali ang altitude.

3.10. Hanapin ang pabalik


Suunto Traverse awtomatikong isini-save ang puntong pinagsimulan ng iyong pagre-record kung gumagamit ka ng GPS. Gamit ang Hanapin ang Pabalik, maaaring direkta kang gabayan ng Suunto Traverse sa puntong pinagsimulan mo (o sa lokasyon kung saan nai-set ang GPS fix).

Para hanapin ang pabalik:

1. Pindutin ang [NEXT] nang matagal upang ma-access ang menu ng mga opsyon.
2. Pindutin ang [NEXT] upang piliin ang **NAVIGATION** (PAG-NAVIGATE).
3. Mag-scroll sa **Find back** (Hanapin ang pabalik) gamit ang [START] at piliin gamit ang [NEXT].

Ipinapakita ang gabay sa pag-navigate bilang isa sa mga view sa breadcrumb display.

3.11. Mga Icon























Ang mga sumusunod na icon ay naka-display sa Suunto Traverse:

	alarma
	altimeter
	barometer
	baterya
	Bluetooth
	button lock
	mga indicator ng pagpindot sa button
	kasalukuyang display
	pababa/bawasan
	flashlight
	lakas ng GPS signal
	heart rate (bilis ng tibok ng puso)
	pinakamataas na punto
	papasok na tawag
	pinakamababang punto
	mensahe/notipikasyon
	hindi nasagot na tawag
	susunod/kumpirmahin
	pagpe-pair
	mga setting
	sport mode
	bagyo

	pagsikat ng araw
	paglubog ng araw
	pataas/dagdagan

mga icon ng POI

Ang mga sumusunod na icon ng POI ay magagamit sa Suunto Traverse:

	simulan
	gusali/tahanan
	camp/camping
	kotse/parking
	kuweba
	sangang daan
	emerhensya
	tapusin
	pagkain/restawran/karinderya
	gubat
	geocache
	impormasyon
	tulugan/hostel/hotel
	parang
	bundok/burol/lambak/bangin
	kalsada/landas
	bato
	tanawin
	tubig/talon/ilog/lawa/baybayin
	waypoint

3.12. Logbook


Iniiimbak sa logbook ang mga log ng iyong mga naka-record na aktibidad. Ang pinakamalaking bilang ng mga log at ang pinakamatagal na oras ng iisang log ay nakadepende sa kung gaano karaming impormasyon ang inire-record sa bawat aktibidad. Ang katumpakan ng GPS (tingnan ang 3.16.3. *Katumpakan ng GPS at pagtitipid ng baterya*), halimbawa, ay direktang nakakaapekto sa bilang at tagal ng mga log na maaaring iimbak.

Maaari mong tingnan ang buod ng log ng iyong aktibidad pagkatapos mo mismong ihinto ang pagre-record o sa pamamagitan ng **Logbook** (Logbook) sa ilalim ng start menu.

Nag-iiba-iba ang impormasyong ipinapakita sa buod ng log: nagbabago ito depende sa mga salik gaya ng sport mode at kung ginagamit mo ba ang iyong heart rate belt o GPS o hindi. Bilang default, sa minimum, kasama sa lahat ng log ang sumusunod na impormasyon:

- pangalan ng sport mode
- oras
- petsa
- tagal
- mga lap

Kung may data ng GPS ang log, ang entry sa logbook ay kabibilangan ng view ng buong track ng ruta, pati na rin ng profile ng altitude ng track.

 **TIP:** Marami ka pang makikitang detalye ng iyong mga naka-record na aktibidad sa Suunto Movescount.

Upang makita ang buod ng log pagkatapos maghinto ng pagre-record:

1. Pindutin nang matagal ang [START] upang ihinto at i-save ang pagre-record.
2. Pindutin ang [NEXT] upang tingnan ang buod ng log.


Maaari mo ring tingnan ang mga buod ng lahat ng iyong naka-record na session (mga log) sa logbook. Sa logbook, nakalista ang mga naka-record na session ayon sa petsa at oras.

Upang makita ang buod ng log sa logbook:

1. Pindutin ang [START] upang pumasok sa start menu.
2. Mag-scroll patungo sa **Logbook** (Logbook) sa pamamagitan ng [LIGHT] at pumasok sa pamamagitan ng [NEXT] .
3. I-scroll ang mga log sa pamamagitan ng [START] o [LIGHT] at pumili ng log sa pamamagitan ng [NEXT] .
4. I-browse ang mga view ng buod ng log sa pamamagitan ng [NEXT] .

3.13. Indicator ng nalalabing memory


Kung higit sa 50% ng memory ng relo ang hindi pa na-synchronize gamit ang Movescount, ipinapakita ng Suunto Traverse ang isang paalala kapag papasok ka sa logbook.



Ang paalalang ito ay hindi ipinapakita kapag puno na ang naka-unsync na memory at sinisimulan na ng Suunto Traverse na i-overwrite ang mga lumang log.

3.14. Movescount

Suunto Movescount ay ang iyong libreng personal na talaarawan at online na sports community na nag-aalok sa iyo ng maraming tool na magagamit para pangasiwaan ang iyong pang-araw-araw na mga aktibidad at gumawa ng mga kaaya-ayang kuwento tungkol sa iyong mga karanasan. Gamitin ang Suunto Movescount upang tingnan ang mga naka-record mong aktibidad nang detalyado at i-customize ang iyong relo upang lubos na matugunan ang iyong mga pangangailangan.

 **TIP:** Kumonekta sa Suunto Movescount upang makakuha ng mga update sa software para sa iyong Suunto Traverse.

Maaaring ilipat sa Suunto Movescount ang data mula sa iyong relo alinman sa pamamagitan ng USB cable at computer, o sa pamamagitan ng Bluetooth at Suunto Movescount App (tingnan ang 3.15. *Mobile app ng Movescount*).

Kung hindi mo pa nagagawa, magparehistro para sa isang libreng account sa Suunto Movescount.

Upang magparehistro sa Suunto Movescount:

1. Pumunta sa www.movescount.com
2. Gumawa ng iyong account.


Kung gumagamit ka ng isang computer kasama ang ibinigay na USB cable ng iyong relo, kailangan mong mag-install ng Moveslink upang makapaglipat ng data.

Para i-install ang Moveslink:

1. Pumunta sa www.movescount.com/moveslink.
2. I-download, i-install at buksan ang pinakahuling bersyon ng Moveslink.
3. Ikonekta ang iyong relo sa computer gamit ang kasamang USB cable.

3.15. Mobile app ng Movescount


Gamit ang Suunto Movescount App, mas mapapalawig mo pa ang karanasan mo sa paggamit ng Suunto Traverse. Mag-pair sa mobile app upang makakuha ng mga notipikasyon sa iyong Suunto Traverse, palitan ang mga setting at i-customize ang mga sport mode kahit abala at nasa labas, gamitin ang mobile device mo bilang pangalawang display, kumuha ng mga litrato gamit ang data mo mula sa iyong paggalaw, at gumawa ng isang Suunto Movie.

 **TIP:** Gamit ang Move na naka-store sa Suunto Movescount, maaari kang magdagdag ng mga larawan, pati na ang gumawa ng isang Suunto Movie gamit ang Suunto Movescount App.

Upang mag-pair sa Suunto Movescount App:

1. I-download at i-install ang app mula sa iTunes App Store o sa Google Play. Kabilang sa paglalarawan sa app ang pinakahuling impormasyon ng compatibility.
2. Simulan ang Suunto Movescount App at i-on ang Bluetooth kung hindi pa ito naka-on.
3. I-tap ang icon ng mga setting sa kanang-sulok sa itaas at pagkatapos, i-tap ang '+' na icon ng relo upang pasimulan ang paghahanap ng Bluetooth sa app.

4. Sa relo, pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
5. Mag-scroll sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT] .
6. Pindutin ang [NEXT] upang pumasok sa menu na **Pair** (I-pair) at pindutin muli ang [NEXT] upang piliin ang **MobileApp** (MobileApp).
7. Ilagay ang passkey na ipinapakita sa display ng iyong relo sa field ng kahilingan sa pagpe-pair sa iyong mobile device at i-tap ang PAIR (I-PAIR). Maaaring iba ang pagpe-pair sa mga Android phone. Maaari kang makakita ng mga dagdag na pop-up bago mahiling ang passkey.

 **PAALALA:** Maaari mong baguhin ang mga pangkalahatang setting ng iyong Suunto Traverse offline. Ang pagko-customize ng mga sport mode at pagpapanatiling napapanahon ng oras, petsa at satellite data ng GPS ay nangangailangan ng koneksyon ng internet sa pamamagitan ng Wi-Fi o mobile network. Maaaring may mga singil para sa data connection ng carrier.

3.15.1. Pagsi-sync sa mobile app

Kung nai-pair mo na ang iyong Suunto Traverse sa Suunto Movescount App, awtomatikong masi-sync ang mga pagbabago sa mga setting, sport mode at bagong log bilang default kapag aktibo ang Bluetooth connection. Nagfa-flash ang icon ng Bluetooth sa iyong Suunto Traverse kapag nagsi-sync ng data.

Maaari ring mapalitan ang shortcut na ito mula sa menu ng mga opsyon.

Para i-off ang awtomatikong pagsi-sync:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT] .
3. Pindutin muli ang [NEXT] upang makapasok sa setting ng **MobileApp sync** (Pag-sync ng MobileApp).
4. Magpalipat-lipat gamit ang [LIGHT] at pindutin nang matagal ang [NEXT] .

Manu-manong pag-sync


Kapag naka-off ang awtomatikong pag-sync, kailangan mong manu-manong simulan ang pagsi-sync upang ilipat ang mga setting o mga bagong log.

Upang manu-manong i-sync sa mobile app:

1. Tiyaking gumagana ang Suunto Movescount App at naka-on ang Bluetooth.
2. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
3. Mag-scroll sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT] .
4. Pindutin ang [NEXT] upang i-activate ang **Sync now** (I-sync ngayon).

Kung may aktibong data connection at nakakonekta ang iyong app sa iyong Suunto Movescount account, masi-sync ang mga setting at log sa iyong account. Kung walang data connection, naaantala ang pagsi-sync hanggang sa magkaroon ng koneksyon.

Nakalista sa app ang mga hindi na-sync na log na ini-record gamit ang iyong Suunto Traverse, ngunit hindi mo matitingnan ang mga detalye ng log hanggang sa mai-sync ang mga ito sa iyong Suunto Movescount account. Agad na makikita ang mga aktibidad na ni-record mo gamit ang app.

 **PAALALA:** Maaari kang singilin ng carrier ng data connection kapag nagsi-sync sa pagitan ng Suunto Movescount App at Suunto Movescount.

3.16. Pagna-navigate gamit ang GPS


Suunto Traverse ay gumagamit ng Global Positioning System (GPS) upang matukoy ang kasalukuyan mong lokasyon. Ginagamit ng GPS ang mga satellite na umiikot sa Lupa na may altitude na 20,000 km sa bilis na 4 km/s.


Ang kasamang GPS receiver sa Suunto Traverse ay pinahusay para gamitin sa pulsuhan at tumatangap ito ng data mula sa napakalawak na anggulo.


3.16.1. Pagkuha ng GPS signal

Suunto Traverse ay awtomatikong naa-activate kapag pumili ka ng sport mode na may GPS functionality, inalam mo ang iyong lokasyon, o nagsimula kang mag-navigate.



 **PAALALA:** Kapag ina-activate mo ang GPS sa unang pagkakataon, o hindi ito ginamit nang matagal na panahon, maaaring mas matagalan ito kaysa dati upang makakuha ng GPS fix. Ang mga susunod na pagpapaandar sa GPS ay mas bibilis na.

 **TIP:** Para mapaikli ang oras sa pagsisimula ng GPS, hawakan nang nakapirme ang relo nang nakatihaya at tiyakin na ikaw ay nasa bukas na lugar na may malinaw na view ng kalangitan.

 **TIP:** Regular na i-synchronize ang iyong Suunto Traverse sa Suunto Movescount para makuha ang pinakabagong orbit data ng satellite. Binabawasan nito ang panahon na kinakailangan upang makuha ang GPS fix at pinahuhusay ang katumpakan ng pagsubaybay.

Pagtu-troubleshoot: Walang GPS signal

- Para sa pinakamalakas na signal, ituro ang bahaging GPS ng relo nang paitaas. Ang pinakamagandang signal ay nakukuha sa bukas na lugar na nakikita nang malinaw ang kalangitan.
- Ang GPS receiver ay karaniwang gumagana nang mabuti sa loob ng mga tent at iba pang manipis na tabing. Subalit, ang mga bagay, gusali, masukal na kagubatan o maulap na lagay ng panahon ay nakababawas sa kalidad ng pagtanggap ng GPS signal.
- Ang GPS signal ay hindi tumatagos sa matitigas na istruktura o sa tubig. Kaya, huwag susubukang i-activate ang GPS sa loob ng mga gusali, kuweba o sa ilalim ng tubig.

3.16.2. Mga GPS grid at format ng posisyon

Ang mga grid ay mga guhit sa isang mapa na tumutukoy sa coordinate system na ginamit sa mapa.

Ang format ng posisyon ay ang paraan kung paano ipinapakita ang posisyon ng GPS receiver sa relo. Lahat ng format ay tumutukoy sa iisang lokasyon, magkakaiba lang ang paraan ng pagpapakita nito. Mapapalitan mo ang format ng posisyon sa mga setting ng relo sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL (PANGKALAHATAN) » Formats (Mga Format) » Position format (Format ng posisyon)**.

Mapipili mo ang format mula sa mga sumusunod na grid:

- ang latitude/longitude ay ang pinakakaraniwang ginagamit na grid at mayroon itong tatlong magkakaibang format:
 - **WGS84 Hd.d°**
 - **WGS84 Hd°m.m'**
 - **WGS84 Hd°m's.s**
- **Ang UTM (Universal Transverse Mercator)** ay nagpapakita ng posisyong may dalawang dimensyon na nakapahalang.
- **Ang MGRS (Military Grid Reference System)** ay karugtong ng UTM at nagtataglay ng isang grid zone designator, 100,000-meter square na pantukoy at isang numerikal na lokasyon.

Suunto Traverse ay sumusuporta din sa mga sumusunod na lokal na grid:

- **British (BNG)**
- **Finnish (ETRS-TM35FIN)**
- **Finnish (KKJ)**
- **Irish (IG)**
- **Swedish (RT90)**
- **Swiss (CH1903)**
- **UTM NAD27 Alaska**
- **UTM NAD27 Conus**
- **UTM NAD83**
- **NZTM2000 (New Zealand)**

 **PAALALA:** Ang ilang grid ay hindi magagamit sa mga lugar sa hilaga ng 84°N at timog ng 80°S, o sa labas ng mga bansang pinagtatakdang ng mga ito.

3.16.3. Katumpakan ng GPS at pagtitipid ng baterya

Kapag kino-customize ang mga sport mode, maaari mong tukuyin ang agwat ng pag-aayos ng GPS gamit ang setting ng katumpakan ng GPS sa Suunto Movescount. Kung mas maikli ang agwat, mas tumpak ang pagre-record.

Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng agwat at pagpapababa ng katumpakan, maaari mong patagalin ang baterya.

Ang mga opsyon sa katumpakan ng GPS ay:

- **Best** (Pinakamahasag): ~ 1 seg agwat ng pag-aayos, pinakamalakas kumonsumo ng baterya
- **Good** (Mahasag): ~ 5 seg agwat ng pag-aayos, hindi masyadong malakas kumonsumo ng baterya
- **OK (OK)**: ~ 60 seg pag-aayos ng agwat, mabagal kumonsumo ng baterya
- **Off** (Naka-off): walang pag-aayos ng GPS

Maaari mong isaayos ang paunang tinukoy na katumpakan ng GPS ng sport mode kung kinakailangan **lang** habang nagre-record at habang nagna-navigate. Halimbawa, kung napansin mong kaunti na lang ang natitira mong baterya, maaari mong isaayos ang setting upang patagalin ang baterya.

Isaayos ang katumpakan ng GPS sa start menu sa ilalim ng **NAVIGATION** (PAG-NAVIGATE) » **Settings** (Mga Setting) » **GPS accuracy** (Katumpakan ng GPS).

3.16.4. GPS at GLONASS

Suunto Traverse gumagamit ng Global Navigation Satellite System (GNSS) upang tukuyin ang iyong lokasyon. Ang GNSS ay maaaring gumamit ng mga signal mula sa mga satellite na GPS at GLONASS.

Bilang default, naghahanap lang ang iyong relo ng mga signal ng GPS. Sa ilang sitwasyon at lokasyon sa buong mundo, kapag gumamit ng mga signal ng GLONASS, maaaring humusay ang katumpakan ng lokasyon. Gayunpaman, tandaan na mas malakas kumonsumo ng baterya ang paggamit ng GLONASS kumpara sa kung GPS lang ang ginagamit.

Maaari mong i-activate o i-deactivate ang GLONASS anumang oras, kahit na habang nagre-record ng isang aktibidad.


Upang i-activate o i-deactivate ang GLONASS:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
2. Mag-scroll patungo sa **NAVIGATION** (PAG-NAVIGATE) sa pamamagitan ng [START] at pumasok sa pamamagitan ng [NEXT] .
3. Mag-scroll patungo sa **SETTINGS** (Mga Setting) sa pamamagitan ng [LIGHT] at pumili sa pamamagitan ng [NEXT] .
4. Mag-scroll patungo sa **GNSS** (GNSS) sa pamamagitan ng [START] at pumili sa pamamagitan ng [NEXT] .
5. Piliin ang **GPS & GLONASS** (GPS at GLONASS) upang i-activate ang GLONASS. Kung aktibo na, piliin ang **GPS** (GPS) upang i-deactivate ang GLONASS.
6. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang lumabas.

 **PAALALA:** Gagamitin lang ang GLONASS kung nakatakda ang katumpakan ng GPS sa pinakamahusay. (Tingnan ang 3.16.3. Katumpakan ng GPS at pagtitipid ng baterya).

3.17. Mga Notipikasyon

Kung na-pair mo na ang iyong Suunto Traverse sa Suunto Movescount App (tingnan ang 3.15. *Mobile app ng Movescount*), maaari kang tumanggap ng tawag, mensahe at ng mga push notification sa relo.



Upang makakuha ng mga notipikasyon sa iyong relo:

1. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.

2. Pindutin ang [LIGHT] upang mag-scroll sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) at pindutin ang [NEXT] .
3. Pindutin ang [LIGHT] upang mag-scroll sa **Notifications** (Mga Notipikasyon).
4. Magpalipat-lipat sa naka-on/naka-off gamit ang [LIGHT] .
5. Lumabas sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [NEXT] .

Kapag naka-on ang mga notipikasyon, magbibigay ng alerto ang iyong Suunto Traverse (tingnan ang 3.28. *Mga tunog at vibration*) at magpapakita ng isang icon ng notipikasyon sa ibabang row ng time display sa bawat bagong event.

Upang tingnan ang mga notipikasyon sa iyong relo:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **NOTIFICATIONS** (Naka-off ang mga notipikasyon) gamit ang [START] at pindutin ang [NEXT] .
3. Mag-scroll sa mga notipikasyon gamit ang [START] o ang [LIGHT] .


Hanggang 10 notipikasyon ang maaaring ilista. Mananatili ang mga notipikasyon sa iyong relo hanggang sa alisin mo ang mga ito sa mobile device mo. Ngunit, ang mga notipikasyong mas matagal na sa isang araw ay hindi na makikita sa relo.

3.18. Pagre-record ng mga aktibidad

Gamitin ang mga sport mode (tingnan ang 3.24. *Mga sport mode*) upang i-record ang mga aktibidad at tingnan ang iba't ibang impormasyon habang nasa isang outing ka.

Bilang default, Suunto Traverse ay may isang sport mode, ang Hiking. Simulan ang isang pagre-record sa pamamagitan ng pagpindot sa [START] at pagkatapos ay pindutin ang [NEXT] upang i-enter ang **RECORD** (MAG-RECORD).

Hangga't iisa lang ang sport mode sa relo, magsisimula agad ang pagre-record. Kung magdaragdag ka ng ibang mga sport mode, kailangan mong piliin ang sport mode na gusto mong gamitin at pagkatapos ay pindutin ang [NEXT] upang simulan ang pagre-record.

 **TIP:** Maaari mo ring mabilisang simulan ang pagre-record sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [START] .

3.19. Pagpe-pair ng heart rate sensor


Maaaring mag-iba-iba ang pamamaraan ng pagpe-pair depende sa uri ng heart rate (HR) sensor. Mangyaring sumangguni sa gabay ng gumagamit para sa device na iyong pine-pair sa iyong Suunto Traverse bago magpatuloy.

Upang i-pair ang heart rate sensor:

1. I-activate ang heart rate sensor
2. Pindutin nang matagal ang [NEXT] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
3. Mag-scroll sa **CONNECTIVITY** (CONNECTIVITY) gamit ang [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT] .
4. Pindutin muli ang [NEXT] upang makapasok sa **Pair** (I-pair).
5. Mag-scroll sa **HR belt** (HR belt) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
6. Hawakan ang Suunto Traverse nang malapit sa device na pine-pair mo at hintayin ang Suunto Traverse na mag-abiso na matagumpay ang pagpe-pair.

3.20. Mga point of interest

Suunto Traverse ang pagna-navigate ng GPS na nagbibigay sa iyo ng kakayahang mag-navigate sa isang nauna nang tinukoy na destinasyon na naka-store bilang isang point of interest (POI).

 **PAALALA:** Maaari ka ring magsimulang mag-navigate sa isang POI kapag nagre-record ka ng ehersisyo (tingnan ang 3.18. Pagre-record ng mga aktibidad).

Upang makapag-navigate sa isang POI:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **NAVIGATION**(PAG-NAVIGATE) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
3. Mag-scroll sa mga **POIs (Points of interest)** (Mga POI (Point of interest)) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
4. Mag-scroll sa POI na gusto mong i-navigate gamit ang [START] o [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT] .
5. Pindutin muli ang [NEXT] upang piliin ang **Navigate** (Mag-navigate). Kung ginagamit mo ang compass sa unang pagkakataon, kailangan mo itong i-calibrate (tingnan ang 3.6.1. *Pagka-calibrate sa compass*). Pakatapos i-activate ang compass, magsisimulang maghahanap ang relo ng GPS signal. Naka-record ang lahat ng pagna-navigate. Kung may higit sa isang sport mode ang iyong relo, ipo-prompt ka na pumili ng isa.
6. Magsimulang mag-navigate papunta sa POI.

Ipinapakita ng relo ang breadcrumb display na nagpapakita sa iyong posisyon at sa posisyon ng POI.

Sa pamamagitan ng pagpindot sa [VIEW] , maaari mong puntahan ang dagdag na gabay:


- distansya at direksyon sa POI sa isang tuwid na linya
- distansya sa POI at tinantyang oras habang nasa ruta batay sa kasalukuyan mong bilis,
- pagkakaiba sa pagitan ng kasalukuyan mong altitude at ng altitude ng POI



Kapag nakapirmi o gumagalaw nang mabagal (<4 km/h), ipapakita sa iyo ng relo ang direksyon papunta sa POI (o waypoint kung nagna-navigate ka ng isang ruta) batay sa bearing ng compass.

Habang gumagalaw (<4 km/h), ipapakita sa iyo ng relo ang direksyon papunta sa POI (o waypoint kung nagna-navigate ka ng isang ruta) batay sa GPS.

Ang direksyon ng target mo, o ng bearing, ay pinapakita kasama ng tatsulok na walang laman. Ang direksyon na binabiyaha mo, o pupuntahan mo, ay isinasaad ng mga solid na linya sa itaas ng display. Sinisigurado sa iyo ng pagkakapantay ng dalawa na papunta ka sa tamang direksyon.




3.20.1. Pag-alam sa iyong lokasyon

Suunto Traverse pinahihintulutan kang alamin ang mga coordinate ng kasalukuyan mong lokasyon gamit ang GPS.

Para alamin ang iyong lokasyon:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **NAVIGATION**(PAG-NAVIGATE) gamit ang [START] at pindutin ang [NEXT] .
3. Mag-scroll sa **Location** (Lokasyon) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
4. Pindutin ang [NEXT] upang piliin ang **Current** (Kasalukuyan).
5. Ang relo ay magsisimulang humanap ng GPS signal at ipapakita ang **GPS found (Nakahanap ng GPS)** pagkatapos makakuha ng signal. Pagkatapos noon, ang kasalukuyan mong coordinates ay ipapakita sa display.

 **TIP:** Maaari mo ring alamin ang iyong lokasyon habang nagre-record ka ng aktibidad sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [NEXT] upang mapuntahan ang **NAVIGATION** (PAG-NAVIGATE) sa menu ng mga opsyon o sa pamamagitan ng pagpindot sa [START] habang nasa breadcrumb display.

3.20.2. Pagdaradag ng POI

Suunto Traverse na ma-save mo ang kasalukuyan mong lokasyon o magtakda ng lokasyon bilang isang POI.


Maaari kang mag-store sa relo nang hanggang 250 POI.

Kapag nagdaragdag ng POI, pumili ng isang uri ng POI (icon) at pangalan ng POI mula sa paunang tinukoy na listahan, o malayang pangalanan ang mga POI sa Movescount.

Upang i-save ang isang POI:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **NAVIGATION**(PAG-NAVIGATE) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
3. Mag-scroll sa **Location** (Lokasyon) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
4. Piliin ang **Current** (Kasalukuyan) o ang **Define** (I-define) Upang manu-manong palitan ang mga value ng longitude at latitude.
5. Pindutin ang [START] para i-save ang lokasyon.
6. Pumili ng nababagay na pangalan para sa lokasyon. Mag-scroll sa mga opsyon ng pangalan gamit ang [START] o [LIGHT] . Pumili ng pangalan gamit ang [NEXT] .
7. Pindutin ang [START] upang i-save ang POI.

Maaari kang gumawa ng mga POI sa Suunto Movescount sa pamamagitan ng pagpili ng isang lokasyon sa mapa o paglalagay ng mga coordinate. Ang mga POI sa iyong Suunto Traverse at sa Suunto Movescount ay palaging naka-synchronize kapag kinonekta mo ang relo sa Suunto Movescount.

 **TIP:** Maaari mong i-save ang kasalukuyan mong lokasyon bilang isang POI sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [VIEW]. Maaari itong gawin mula sa alinmang display.

3.20.3. Pagbubura ng POI

Maaari mong direktang burahin ang isang POI sa relo o sa pamamagitan ng Suunto Movescount. Ngunit, kapag binura mo ang isang POI sa Suunto Movescount at i-synchronize ang iyong Suunto Traverse, ang POI ay mabubura sa relo ngunit madi-disable lang sa Suunto Movescount.

Para burahin ang isang POI:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **NAVIGATION**(PAG-NAVIGATE) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
3. Mag-scroll sa **POIs (Points of interest)** (Mga POI (Points of Interest)) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .
4. Mag-scroll sa POI na gusto mong burahin gamit ang [START] o [LIGHT] at piliin gamit ang [NEXT] .
5. Mag-scroll sa **Delete** (Burahin) gamit ang [START] at pindutin ang [NEXT] .
6. Pindutin ang [START] upang kumpirmahin.

3.21. Mga Ruta

Maaari kang gumawa ng ruta gamit ang planner ng ruta sa Suunto Movescount o maaari mong i-export sa planner ang track ng isang ni-record na aktibidad.

Para magdagdag ng ruta:

1. Pumunta sa Suunto Movescount at mag-log in.
2. Sa ilalim ng **Plan & Create** (Magplano at Gumawa), mag-browse sa **Routes** (Mga Ruta) upang maghanap at magdagdag ng mga dati nang ruta o mag-browse sa **Route Planner** (Planner ng Ruta) upang gumawa ng sarili mong ruta.
3. I-save ang ruta at piliin ang 'Gamitin ang ruta na ito sa aking...' na opsyon.
4. I-sync ang iyong Suunto Traverse sa Suunto Movescount gamit ang Suunto Movescount App (tingnan ang 3.15.1. *Pagsi-sync sa mobile app*) o sa pamamagitan ng paggamit sa Moveslink at ng kasamang USB cable.

Nabubura din ang mga ruta sa Suunto Movescount.

Upang makapagbura ng isang ruta:

1. Magpunta sa www.movescount.com at mag-log in.
2. Sa ilalim ng **Plan & Create** (Magplano at Gumawa), mag-browse sa **Route Planner** (Planner ng Ruta).
3. Sa ilalim ng **MY ROUTES** (MGA RUTA KO), mag-click sa rutang gusto mong burahin at i-click ang **DELETE** (BURAHIN).
4. I-sync ang iyong Suunto Traverse sa Suunto Movescount gamit ang Suunto Movescount App (tingnan ang 3.15.1. *Pagsi-sync sa mobile app*) o sa pamamagitan ng paggamit sa Moveslink at ng kasamang USB cable.


3.21.1. Navigating a route

You can navigate a route you have transferred to your Suunto Traverse from Movescount (see 3.20 Routes) or from a log in your logbook with GPS data. You get a preview of the route based on the route list or logbook selection.


If you are using the compass for the first time, you need to calibrate it (see 3.6.1. *Calibrating compass*). After activating the compass, the watch will begin searching for a GPS signal. After the watch acquires a GPS signal, you can begin to navigate a route.

To navigate a route:


1. Press [START] to enter the start menu.
2. Scroll to **NAVIGATION** with [START] and press [NEXT] .
3. Scroll to **Routes** or **NAVIGATION** and press [NEXT] to enter .
4. Scroll to the route you want to navigate with [START] or [LIGHT] and press [NEXT] .
5. Press [NEXT] to select **Navigate**. All navigating is recorded. If you watch has more than one sport mode, you are prompted to select one.
6. Select **Forwards** or **Backwards** to chose the direction you want to navigate (from the first waypoint or the last).



7. Start navigating. The watch informs you when you are approaching the beginning of the route.



8. The watch informs you when you have arrived at your destination.

 **TIP:** You can also start navigating while recording an activity (see 3.18. Recording activities).

3.21.2. Sa panahon ng pag-navigate


Sa panahon ng pag-navigate, pindutin ang [VIEW] upang i-scroll ang mga sumusunod na view:

- buong track view na ipinapakita ang buong ruta
- naka-zoom in na track view ng ruta: bilang default, ang naka-zoom in na view ay may sukat na 100 m (0.1 mi); mas malaki ang sukat kung malayo ka sa ruta

Track view

Ipinapakita sa iyo ng buong track view ang sumusunod na impormasyon:

- (1) arrow na tumutukoy sa iyong lokasyon at nakaturo sa direksyong pupuntahan mo.
- (2) ang simula at dulo ng ruta
- (3) Ipinapakita ang pinakamalapit na POI bilang isang icon.
- (4) sukat ng track view



 **PAALALA:** Sa buong track view, palaging nasa itaas ang hilaga.

Oryentasyon ng mapa


Maaari mong baguhin ang oryentasyon ng mapa sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **NAVIGATION** (PAG-NAVIGATE) » **Settings** (Mga Setting) » **Map** (Mapa) » **Orientation** (Oryentasyon).

- **Heading up** (Patungo sa itaas): Ipinapakita ang naka-zoom in na mapa nang nakaturo sa itaas ang patutunguhan.
- **North up** (Nasa itaas ang hilaga): Ipinapakita ang naka-zoom in na mapa nang nakaturo sa itaas ang hilaga.

View ng profile ng pag-akyat

Ipinapakita sa iyo ng view ng profile ng pag-akyat ang sumusunod na impormasyon:


1. Natitirang pag-akyat
2. Real-time na graph ng profile ng altitude
3. Natitirang pagbaba



Kung masyado kang lalayo sa track ng ruta, hindi maa-update ang graph ng profile. Sa halip, ipinapakita ang text na **Off route** (Malayo sa ruta) sa ibaba ng graph. Kailangan mong bumalik sa track upang makakuha ng mga tumpak na pagkalkula ng pag-akyat.


3.22. Menu ng serbisyo


Upang pumunta sa menu ng serbisyo, pindutin nang matagal ang [BACK LAP] at [START] nang sabay hanggang sa makapasok ang relo sa menu ng serbisyo.




Kasama sa menu ng serbisyo ang mga sumusunod na bagay:

- **Info** (Info):
 - **Air pressure** (Air pressure): ipinapakita ang kasalukuyang absolute air pressure at temperatura.
 - **Version** (Version): ipinapakita ang kasalukuyang bersyon ng software at hardware.
 - **BLE**: ipinapakita ang kasalukuyang bersyon ng Bluetooth Smart.
- **Display** (Mga Display)
 - **LCD test** (Pagsubok sa LCD): nagpapahintulot sa iyo na subukan kung gumagana nang maayos ang LCD.
- **ACTION** (AKSYON):
 - **Power off** (Power off): nagpapahintulot sa iyong i-set ang relo sa mahimbing na pagtulog.
 - **GPS reset** (Pag-reset ng GPS): pinahihintulot na i-reset mo ang GPS.

 **PAALALA: Power off** Ang (Power off) ay kalagayan na gumagamit ng kaunting power. Sundin ang normal na proseso ng startup upang gisingin ang device. Nananatiling pareho ang lahat ng setting puwera ang oras at petsa. Kumpirmahin lamang ang mga ito sa pamamagitan ng startup wizard.

 **PAALALA:** Ang relo ay lumilipat sa power saving mode kapag hindi ito gumagana ng 10 minuto. Ang relo ay mare-activate kapag ginalaw.


 **PAALALA:** Ang nilalaman ng menu ng serbisyo ay napapasailalim sa pagbabago nang walang abiso habang nagsasagawa ng pag-update.

Pagre-reset ng GPS

Sakaling hindi gumagana nang maayos ang GPS, maaari mong i-reset ang GPS data sa menu ng serbisyo.

Upang i-reset ang GPS:

1. Mag-scroll sa **ACTION** (AKSYON) gamit ang [LIGHT] at pumasok sa pamamagitan ng [NEXT].
2. Pindutin ang [LIGHT] para mag-scroll sa **GPS reset** (Pag-reset ng GPS) at pumasok gamit ang [NEXT].
3. Pindutin ang [START] upang kumpirmahin ang pag-reset sa GPS, o pindutin ang [LIGHT] upang kanselahin.

 **PAALALA:** Ang pagre-reset ng data ng GPS ay magre-reset sa data ng GPS at mga value ng pag-calibrate ng compass. Hindi inaalís ang mga naka-save na log.

3.23. Mga update sa software

Maaari mong i-update ang software ng iyong Suunto Traverse sa Movescount. Kapag ina-update mo ang software, lahat ng log ay awtomatikong inililipat sa Movescount at binubura mula sa relo.

Para i-update ang software ng iyong Suunto Traverse:

1. I-install ang Moveslink, kung hindi mo pa ito nagagawa, mula sa *Movescount*.
2. Ikonekta ang iyong Suunto Traverse sa computer gamit ang kasamang USB cable.
3. Kung may available na update, awtomatikong maa-update ang iyong relo. Hintaying matapos ang update bago i-unplug ang USB cable. Maaari itong tumagal ng ilang minuto.

3.24. Mga sport mode

Ang mga sport mode ay ang iyong paraan upang i-customize kung paano nire-record ang mga aktibidad. Iba't ibang impormasyon ang ipinapakita sa mga display habang nagre-record depende sa sport mode. Suunto Traverse ay may paunang itinakdang sport mode para sa paglalakad.

Sa Suunto Movescount, maaari kang gumawa ng mga custom na sport mode, i-edit ang mga paunang itinakdang sport mode, mag-delete ng mga sport mode o itago ang mga ito upang hindi ipapakita ang mga ito sa menu ng iyong **RECORD** (RECORD) (tingnan ang 3.18. *Pagrecord ng mga aktibidad*).

Ang custom na sport mode ay maaaring magkaroon ng hanggang apat na display. Maaari kang pumili kung aling data ang lalabas sa bawat display mula sa isang komprehensibong listahan ng mga opsyon.

Maaari kang maglipat sa iyong Suunto Traverse ng hanggang limang sport mode na ginawa sa Movescount.

3.25. Stopwatch

Ang stopwatch ay isang display na maaaring i-on o i-off mula sa start menu.

Upang i-activate ang stopwatch:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **DISPLAYS**(MGA DISPLAY) sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] at sa pagpindot sa [NEXT] .
3. Mag-scroll sa **Stopwatch**(Stopwatch) sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] at sa pagpindot sa [NEXT] .

Kapag naka-activate, maaaring puntahan ang timer sa pamamagitan ng pagpindot sa [NEXT] hanggang sa lumabas ang timer.



PAALALA: *Hindi nakikita ang stopwatch habang nagre-record ng isang aktibidad.*

Upang gamitin ang stopwatch:

1. Sa in-activate na stopwatch display, pindutin ang [START] upang simulan ang pagsusukat sa oras.
2. Pindutin ang [BACK LAP] upang makapag-lap, o pindutin ang [START] upang i-pause ang stopwatch. Upang tingnan ang mga oras ng lap, pindutin ang [BACK LAP] kapag naka-pause ang stopwatch.
3. Pindutin ang [START] upang magpatuloy.
4. Upang i-reset ang oras, pindutin nang matagal ang [START] kapag naka-pause ang stopwatch.

Habang gumagana ang stopwatch, maaari mong:

- pindutin ang [VIEW] upang lumipat sa pagitan ng oras at lap time na pinapakita sa ibabang hanay ng display.
- lumipat sa Time display gamit ang [NEXT] .
- pumasok sa menu ng mga opsyon sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa [NEXT] .

Kung ayaw mo nang makita ang stopwatch display, i-deactivate ang stopwatch.

Upang itago ang stopwatch:

1. Pindutin ang [START] upang makapasok sa start menu.
2. Mag-scroll sa **DISPLAYS**(MGA DISPLAY) sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] at sa pagpindot sa [NEXT] .
3. Mag-scroll sa **End stopwatch**(Tapusin ang stopwatch) gamit ang [LIGHT] at pindutin ang [NEXT] .

3.26. Mga Suunto App

Pinahihintulutan ka ng Suunto Apps na mas i-customize pa ang iyong Suunto Traverse. Bumisita sa Suunto App Zone sa Movescount upang makahanap ng mga App, katulad ng iba't ibang mga timer at counter na magagamit mo. Kung hindi mo mahanap ang kailangan mo, gumawa ng sarili mong App gamit ang Suunto App Designer. Makakagawa ka ng mga App, halimbawa, sa pagkalkula sa slope grade ng iyong ruta sa skiing.

Upang idagdag ang mga Suunto App sa iyong Suunto Traverse:

1. Pumunta sa **PLAN & CREATE** na seksyon sa komunidad ng Movescount at piliin ang **App Zone** upang mag-browse sa mga dati nang Suunto App. Upang gumawa ng sarili mong App, pumunta sa **PLAN & CREATE** na seksyon ng iyong profile at piliin ang **App Designer**.
2. Idagdag ang Suunto App sa isang sport mode. Ikonekta ang iyong Suunto Traverse sa iyong Movescount account upang i-synchronize ang Suunto App sa relo. Ipapakita ng idinagdag na Suunto App ang resulta ng kalkulasyon nito sa panahon ng iyong aktibidad.



PAALALA: Makakapagdagdag ka ng hanggang apat na Suunto App sa bawat sport mode.

3.27. Oras

Ipinapakita ng time display sa iyong Suunto Traverse ang sumusunod na impormasyon:

- itaas na row: petsa
- gitnang row: oras

- ibabang row: palitan gamit ang [VIEW] upang ipakita ang dagdag na impormasyon gaya ng pagsikat/paglubog ng araw, altitude at level ng baterya.

Sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Time/date** (Oras/petsa), maaari mong i-set ang mga sumusunod:

- Dalawahang oras
- Alarma
- Oras at petsa


3.27.1. Alarm clock

Maaari mong gamitin ang iyong Suunto Traverse bilang isang alarm clock. I-on/i-off ang alarma at i-set ang oras ng alarma sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Time/date** (Oras/petsa) » **Alarm** (Alarma).

Kapag naka-on ang alarma, lalabas ang simbolo ng alarma sa karamihan ng mga display.

Kapag tumunog ang alarma, maaari mong:

- I-snooze sa pamamagitan ng pagpindot sa [LIGHT] . Ang alarma ay titigil at magsisimula ulit kada limang minuto hanggang sa itigil mo ito. Maaari kang mag-snooze nang hanggang 12 beses sa kabuuang 1 oras.
- Ihinto sa pamamagitan ng pagpindot sa [START] . Ang alarma ay hihinto at muling tutunog sa parehong oras kinabukasan, maliban na lang kung io-off mo ang alarma sa menu ng mga opsyon.




 **PAALALA:** Kapag nag-ii-snooze, magpapatay-sindi ang icon ng alarma sa time display.

3.27.2. Pagsi-sync ng oras

Maaaring i-update ang oras ng iyong Suunto Traverse sa pamamagitan ng oras ng iyong mobile phone, computer (Moveslink) o GPS. Kung nai-pair mo na ang iyong relo sa Suunto Movescount App, ang oras at time zone ay awtomatikong nasi-sync sa mobile phone mo.

Kapag ikinonekta mo ang iyong relo sa computer gamit ang USB cable, ina-update ng Moveslink nang default ang oras ng iyong relo pati ang petsa ayon sa relo ng computer. Maaaring i-off ang feature na ito mula sa mga setting ng Moveslink.



Oras ng GPS

Tinatama ng oras ng GPS ang pagkakaiba sa pagitan ng oras sa iyong Suunto Traverse at ng GPS. Sinusuri at itinatama ng oras ng GPS ang oras sa tuwing nakakakita ng GPS fix (halimbawa, kapag nagre-record ng isang aktibidad o nagsi-save ng isang POI).

Naka-on ang oras ng GPS bilang default. Maaari mo itong i-off sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Time/date** (Oras/petsa) » **Time & date** (Oras at petsa).

Daylight Saving Time

Suunto Traverse ay sumusuporta sa mga pag-a-adjust ng oras sa Daylight Saving Time (DST) kung naka-on ang oras ng GPS

Maaari mong i-adjust ang setting ng Daylight Saving Time sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Time/date** (Oras/petsa) » **Time & date** (Oras at petsa).

May tatlong setting na available:

- **Automatic** (Awtomatiko) – awtomatikong pag-a-adjust ng DST batay sa lokasyon ng GPS
- **Winter time** (Oras ng taglamig) – palaging oras ng taglamig (walang DST)
- **Summer time** (Oras ng tag-araw) – palaging oras ng tag-araw

3.28. Mga tunog at vibration

Ginagamit ang mga alerto na tunog at vibration para sa mga notipikasyon, alarma at iba pang mahahalagang kaganapan. Parehong maaaring i-adjust nang magkahiwalay sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Tones/display** (Mga tunog/display) » **Tones** (Mga Tunog) o **Vibration** (Vibration).

Para sa bawat uri ng alerto, maaari kang pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

- **All on** (Naka-on lahat): iti-trigger ng lahat ng mga kaganapan ang mga tunog/vibration
- **All off** (Naka-off lahat): walang mga kaganapan ang magti-trigger sa mga tunog/vibration
- **Buttons off** (Naka-off ang mga button): iti-trigger ang mga tunog/vibration ng lahat ng kaganapan maliban sa pagpindot sa mga button

3.29. Track back


Gamit ang Suunto Traverse maaari mong muling baybayin ang iyong ruta anumang oras habang nagre-record sa tulong ng display na breadcrumb.

Maaari ka ring mag-navigate ng isang track mula sa logbook na may mga naka-record na aktibidad na kinabibilangan ng GPS data. Sundin ang parehong pamamaraan katulad ng sa 3.21.1. *Navigating a route*. Mag-scroll sa **Logbook** (Logbook) sa halip na sa **Routes** (Mga Ruta), at pumili ng log para magsimulang mag-navigate.




3.30. Mga indicator ng lagay ng panahon

Bukod pa sa graph ng barometer (tingnan 3.2.4. *Paggamit sa profile ng barometer*), ang Suunto Traverse ay may dalawang indicator ng lagay ng panahon: trend ng lagay ng panahon at alarm sa bagyo.

Ipinapakita ang indicator ng lagay ng panahon bilang isang view sa display ng oras, na nagbibigay sa iyo ng mabilis na paraan upang malaman ang mga pagbabago sa lagay ng panahon.




Ang indicator ng lagay ng panahon ay may dalawang linyang bumubuo ng arrow. Ang bawat linya ay kumakatawan ng 3 oras. Ang pagbabago sa barometric pressure na mas mataas sa 2 hPa (0.59 inHg) sa mahigit tatlong oras ay nagti-trigger ng pagbabago sa direksyon ng arrow. Halimbawa:

	matindi ang pagbaba ng pressure sa nakalipas na anim na oras
	hindi nagbabago ang pressure, ngunit matindi ang pagtaas sa nakalipas na tatlong oras
	matindi ang pagtaas ng pressure, ngunit matindi ang pagbaba sa nakalipas na tatlong oras

Alarm sa bagyo

Ang karaniwang ibig sabihin ng matinding pagbaba ng barometric pressure ay may paparating na bagyo at kailangan mong maghanda. Kapag aktibo ang alarm sa bagyo, magpapatunog ng alarm ang Suunto Traverse at magpapakita ng simbolo ng bagyo kapag bumaba ang pressure sa 4 hPa (0.12 inHg) o mas mababa pa sa loob ng 3 oras.

Naka-off ang alarm sa bagyo bilang default. Maaari mo itong i-on sa menu ng mga opsyon sa ilalim ng **GENERAL (ALTI-BARO) » Storm alarm** (Alarm sa bagyo).

 **PAALALA:** *Hindi gumagana ang alarm sa bagyo kapag mayroon kang naka-activate na altimeter na profile.*

Kapag may tumunog na alarm sa bagyo, hihinto ang alarm kapag pumindot ka ng anumang button. Kung walang pipinduting button, uulit nang isang beses ang alarm pagkatapos ng limang minuto. Mananatili sa display ang simbolo ng bagyo hanggang sa umayos ang lagay ng panahon (kapag bumagal ang pagbaba ng pressure).

May nabubuong espesyal na lap (tinatawag na 'alarm sa bagyo') kapag nagkaroon ng alarm sa bagyo habang nagre-record ng aktibidad.


4. Pangangalaga at suporta

4.1. Mga gabay sa pangangalaga

Ingatan ang relo – huwag ito ibabangga o ibabagsak.


Sa karaniwang mga sitwasyon, hindi kakailanganing ayusin ang relo. Pagkatapos gamitin, banlawan ito gamit ang malinis na tubig, banayad na sabon, at dahan-dahang linisin ang kaha gamit ang mamasa-masa at malambot na tela o chamois.

Gumamit lamang ng mga orihinal na aksesorya ng Suunto - ang pinsalang sanhi ng mga hindi orihinal na aksesorya ay hindi sagot ng warranty.

 **TIP:** Tandaang irehistro ang iyong Suunto Traverse sa www.suunto.com/support upang makakuha ng naka-personalize na suporta.

4.2. Water resistance (hindi pinapasok ng tubig)

Suunto Traverse ay hindi pinapasok ng tubig hanggang 100 meter (330 feet), na katumbas ng 10 bars. Ang bilang ng metro ay kaugnay ng aktuwal na lalim ng pagsisid at nasubok na sa presyon ng tubig na ginamit sa kurso ng pagsubok sa resistensiya ng Suunto sa tubig. Nangangahulugan ito na magagamit mo ang relo sa paglalangoy at snorkeling, ngunit hindi ito dapat gamitin sa anumang uri ng pagsisid.


 **PAALALA:** Ang pagiging water resistant ay hindi katumbas ng lalim na magagamit para gumana. Ang mga marka para sa pagiging water resistant ay tumutukoy sa kung gaano kasarado laban sa hangin/tubig na nakakatagal sa shower, pagligo, paglangoy, pagsisid sa pool at snorkeling.

Upang mapanatili ang pagiging water resistant, inirerekomenda na:


- huwag kailanman gagamitin ang device maliban sa pinaglaanan dito.
- makipag-ugnayan sa isang awtorisadong serbisyo ng Suunto, distributor o retailer para sa anumang pagkukumpuni.
- panatilihin malinis at walang dumi at buhangin ang device.
- huwag kailanman susubukang buksang mag-isa ang kaha.
- iwasang gamitin ang device kapag mabilis na nagbabago ang temperatura ng hangin at tubig.
- oalaging linisin ang iyong device gamit ang tubig-tabang kung nabasa ito sa tubig-alamat.
- huwag kailanman ibabangga o ihuhulog ang device.

4.3. Pagcha-charge ng baterya

Ang itatagal ng baterya sa isang pag-charge ay nakabatay sa kung paano ginagamit ang Suunto Traverse. Ang mabababang temperatura, halimbawa, ay nakakabawas sa itatagal ng isang pag-charge. Sa pangkalahatan, ang kakayahan ng mga rechargeable battery ay bumababa habang tumatagal.

 **PAALALA:** Kung sakaling may hindi normal na pagbaba sa kakayahan dahil sa may depektong baterya, sinasaklaw ng warranty ng Suunto ang pagpapalit sa baterya sa loob ng 1 taon o para sa maximum ng 300 beses na pagcha-charge, alinman ang mauna.

Ang icon na bateya ay nagsasaad sa lebel ng karga ng baterya. Kung ang lebel ng karga ng baterya ay wala nang 10%, ang icon ng baterya ay magpapatay-sindi nang 30 segundo. Kung ang lebel ng karga ng baterya ay wala nang 2%, ang icon ng baterya ay magpapatay-sindi nang tuloy-tuloy.



Kapag napakababa na ng antas ng baterya habang nagre-record, titigil ang relo at mase-save ang pagre-record. Maaari pa ring magpakita ng oras ang relo, ngunit naka-deactivate ang mga button.

I-charge ang baterya sa pamamagitan ng pagkakabit nito sa iyong computer gamit ang kasamang USB cable, o i-charge gamit ang USB-compatible na wall charger. Aabutin nang humigit-kumulang 2-3 oras para ganap na mai-charge ang bateryang walang karga.

TIP: Maaari mong baguhin ang GPS fix interval habang nagre-record upang makatipid sa baterya. Tingnan ang 3.16.3. Katumpakan ng GPS at pagtitipid ng baterya.

4.4. Pagkuha ng suporta

Upang makakuha ng dagdag na suporta, bumisita sa www.suunto.com/support. Doon ay makakakita ka ng komprehensibong koleksyon ng mga materyales para sa suporta, kasama na ang Mga Tanong at Sagot at mga video sa pagtuturo. Maaari ka ring mag-post ng mga tanong nang direkta sa Suunto o mag-email/tumawag sa mga propesyonal sa suporta ng Suunto.

Marami ring how-to na mga video sa Suunto YouTube channel sa www.youtube.com/user/MovesCountbySuunto.

Upang makakuha ng suporta mula sa Suunto:

1. Magparehistro sa www.suunto.com/register.
2. Bumisita sa Suunto.com (www.suunto.com/support) upang makita kung naitanong na/nasagot na ang iyong tanong.
3. Magpunta sa **CONTACT SUUNTO**(Makipag-ugnayan sa Suunto) upang magsumite ng tanong o tumawag sa amin sa alinmang nakalistang numero sa suporta. O kaya ay magpadala sa amin ng email sa support@suunto.com Mangyaring isama ang pangalan ng produkto, ang serial number at isang detalyadong paglalarawan sa issue. Tutulungan ka ng kwalipikadong kawani sa customer support ng Suunto at, kung kinakailangan ay, i-troubleshoot ang iyong produkto sa tawag din na iyon.

5. Reperensya

5.1. Mga teknikal na detalye

Pangkalahatan

- Temperatura sa pagpapagana: -20° C hanggang +60° C (-5° F hanggang +140° F)
- Temperatura sa pag-charge ng baterya: 0° C hanggang +35° C (+32° F hanggang +95° F)
- Temperatura ng paglalagyan: -30° C hanggang +60° C (-22° F hanggang +140° F)
- Timbang: ~80g (2.8 oz)
- Tatag sa tubig: 109.36 yd (300 ft)
- Salamin: mineral na kristal
- Power: rechargeable lithium-ion battery
- Buhay ng baterya: ~10 - 100 oras depende sa piniling katumpakan ng GPS; ~14 days nang naka-off ang GPS

Memorya

- Mga Point of Interest (Mga POI): max. 250

Radio transceiver

- Akma sa Bluetooth® Smart
- Frequency ng komunikasyon: 2402-2480 MHz
- Maximum na transmission power: <0 dBm (conducted)
- Nasasaklaw: ~3 m/9.8 ft

Barometer

- Saklaw ng display: 950 hanggang 1060 hPa (28.05 hanggang 31.30 inHg)
- Resolution: 1 hPa (0.03 inHg)

Altimeter

- Saklaw ng display: -500 m hanggang 9999 m (-1640 ft hanggang 32805 ft)
- Resolution: 1.09 yd (3 ft)

Thermometer

- Saklaw ng display: -20° C hanggang +60° C (-4° F hanggang +140° F)
- Resolution: 1°

Chronograph

- Resolution: 1 s hanggang 9:59'59, pagkalipas ng 1 min na iyon

Compass

- Resolution: 1 degree (18 mils)
- Katumpakan: +/- 5 degree

GPS

- Teknolohiya: SiRF star V
- Resolution: 1 m/3 ft
- Frequency band: 1575.42 MHz

Manufacturer

Suunto Oy

Tammiston kauppatie 7 A

FI-01510 Vantaa

FINLAND

5.2. Pagsunod

5.2.1. CE

Inihahayag ng Suunto Oy na ang device na ito ay nakasusunod sa mahahalagang hinihingi at iba pang kaugnay na probisyon ng Directive 1999/5/EC.

5.2.2. Pagsunod sa FCC

Ang device na ito ay sumusunod sa Part 15 ng mga Panuntunan ng FCC. Ang pagpapagana ay maaaring mapailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

(1) ang device na ito ay maaaring hindi magdulot ng nakapipinsalang interference, at

(2) ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang dumadating na interference, kasama ang interference na maaaring magdulot ng hindi gustong paggana. Ang produktong ito ay nasubok nang sumusunod sa mga pamantayan ng FCC at itinakda para gamitin sa tahanan o opisina.

Ang mga pagpapalit o pagbabago na hindi hayagang naaprubahan ng Suunto ay maaaring magpawalang-bisa sa iyong awtoridad na paganahin ang device na ito sa ilalim ng mga regulasyon ng FCC.

PAALALA: Ang kagamitang ito ay nasubukan at napatunayan nang sumusunod sa mga limitasyon para sa Class B na digital device, alinsunod sa Part 15 ng Mga Panuntunan ng FCC. Idinisenyo ang mga limitasyong ito upang maglaan ng makatwirang proteksyon laban sa nakapipinsalang interference sa pagkakabit sa tahanan. Ang kagamitang ito ay bumubuo, gumagamit at maaaring maglabas ng radio frequency energy at, kung hindi ikinabit at ginamit nang naayon sa mga tagubilin, maaari itong magdulot ng mapanganib na interference sa mga komunikasyon ng radyo. Gayunpaman, walang garantiya na hindi mangyayari ang interference sa isang partikular na pagkakabit. Kung magdudulot ng nakapipinsalang interference ang kagamitang ito sa pagsagap ng radyo o telebisyon, na maaaring malaman sa pamamagitan ng pag-o-off at pag-o-on sa kagamitan, hinihimok ang gumagamit na subukang

itama ang interference sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isa o higit pa sa mga sumusunod na hakbang:

- Muling ayusin ang direksyon o posisyon ng antena.
- Mas ilayo pa ang kagamitan mula sa receiver.
- Isaksak ang kagamitan at receiver sa mga outlet sa magkaibang circuit.
- Kumonsulta sa dealer o isang bihasang technician ng radio/TV para sa tulong.

5.2.3. IC

Ang device na ito ay sumusunod sa (mga) pamantayang license-exempt RSS ng Industry Canada. Ang paggamit ay sasailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

(1) ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng interference, at

(2) ang device ito ay dapat tumanggap ng anumang interference, pati na ang interference na maaaring magdulot ng hindi nais na operasyon ng device.

5.2.4. NOM-121-SCT1-2009

The operation of this equipment is subject to the following two conditions: (1) it is possible that this equipment or device may not cause harmful interference, and (2) this equipment or device must accept any interference, including interference that may cause undesired operation of the equipment or device.

5.3. Ang tatak-pangkalakal

Suunto Traverse, mga logo nito, at iba pang tatak-pangkalakal ng Suunto at mga inimbentong pangalan ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba.

5.4. Abiso ng patent

Ang produktong ito ay protektado ng mga nakabinbing aplikasyon sa patent at ng kanilang mga kaukulang pambansang karapatan: US 7,271,774 , US 7,324,002, US 13/794,468, US 14/195,670. Naisumite na ang mga karagdagang patent application.

5.5. International Limited Warranty

Tinitiyak ng Suunto na sa Panahong Saklaw ng Warranty ay aayusin ng Suunto o ng isang Awtorisadong Service Center ng Suunto (mula dito ay tatawaging Service Center), ayon sa sarili nitong kapasiyahan, ang mga depekto sa materyales o pagkakagawa nang walang bayad sa pamamagitan ng alinman sa a) pagkukumpuni, o b) pagpapalit, o c) pagsasauli ng bayad, alinsunod sa mga tuntunin at kondisyon ng International Limited Warranty na ito. Ang International Limited Warranty na ito ay may-bisa at maipapatupad saanmang bansa binili ang produkto. Hindi naaapektuhan ng International Limited Warranty na ito ang iyong mga legal na karapatan, na ipinagkakaloob sa ilalim ng iniaatas na batas ng bansa sa pagbebenta ng mga produktong pang-consumer.

Panahong Saklaw ng Warranty

Ang Panahong Saklaw ng International Limited Warranty ay nagsisimula sa petsa ng orihinal na retail na pagbili.

Ang Panahong Saklaw ng Warranty ay dalawang (2) taon para sa mga Produkto at Dive wireless transmitter maliban kung may ibang itinakda para rito.

Ang Habang ng Warranty ay isang (1) taon para sa mga aksesorya, kabilang ngunit hindi limitado sa mga wireless na sensor at transmitter, mga charger, cable, rechargeable na baterya, strap, bracelet at hose.

Para sa lahat ng mga Suunto Spartan na relo na binili noong 2016, ang saklaw ng garantiya ay pinalawig hanggang sa tatlong (3) taon.

Ang saklaw ng garantiya ay limang (5) taon para sa mga pagkasira na may kaugnayan sa pagtukat sa kalaliman (presyur) na sensor sa Suunto Dive na mga kompyuter.

Mga Hindi Kabilang at Limitasyon

Hindi sinasaklaw ng International Limited Warranty na ito ang:

1. a. normal na pagkasira gaya ng mga gasgas, pilas, o pag-iiba ng kulay at/o ng materyal ng mga strap na hindi metallic, b) mga depektong mula sa di-maingat na paggamit, o c) mga depektong mula sa taliwas na o nirerekomendang paggamit, maling pag-iingat, pagpapabaya, at mga aksidenteng tulad ng pagkabagsak o pagkadurog;
2. mga naka-print na sanggunian at packaging;
3. mga depekto o di-umanong depektong dulot ng paggamit kasama ng ibang produkto, aksesorya, software at/o serbisyo na hindi gawa o hindi galing sa Suunto;
4. mga bateryang hindi nare-recharge.

Hindi ginagarantiyahan ng Suunto na ang paggana ng Produkto ay hindi maaantala o walang pagkakamali, o na gagana ang Produkto o aksesorya kasama ng anumang hardware o software na nagmumula sa isang ikatlong partido.

Ang International Limited Warranty na ito ay hindi maipapatupad kapag ang Produkto o aksesorya ay:

1. nabuksan nang lampas sa itinakdang paggamit;
2. nakumpuni gamit ang mga di-awtorisadong parte; binago o kinumpuni ng di-awtorisadong Service Center;
3. natanggal, binago o ginawang hindi na mababasa sa anumang paraan ang serial number, at ibabatay ito sa sa tanging pagpapasya ng Suunto; o
4. nababad sa mga kemikal kabilang ngunit hindi limitado sa sunscreen at mga panlaban sa lamok.

Paggamit sa serbisyo ng Suunto warranty

Dapat ay magbigay ka ng katibayan ng pagbili para magamit mo ang serbisyo sa warranty ng Suunto. Dapat mo ring irehistro ang iyong produkto online sa www.suunto.com/register upang makatanggap ng mga serbisyo ng international na warranty sa buong mundo. Para sa mga tagubilin kung paano kumuha ng serbisyo sa warranty, bumisita sa www.suunto.com/warranty, makipag-ugnayan sa iyong lokal na retrailer ng Suunto, o tumawag sa Suunto Contact Center.

Limitasyon ng Pananagutan

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na ipinapatupad na batas, ang International Limited Warranty na ito ay ang iyong natatangi at eksklusibong remedyo at papalitan nito ang lahat ng iba pang warranty, ipinabatid man o ipinahiwatig. Hindi mananagot

ang Suunto para sa espesyal, incidental, pagpaparusa o mga kanahihinatnang sira, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, pagkawala ng gamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o mga pasilidad, mga paghahabol sa ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na nagmumula sa pagbili o paggamit sa device o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, masamang gawain, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga nabanggit na sira. Ang Suunto ay hindi mananagot sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo ng warranty.

5.6. Copyright

Copyright © Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba. Ang Suunto, mga pangalang ng produktong Suunto, ang kanilang mga logo at iba pang mga tatak-pangkalakal at pangalan ng marka ng Suunto ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Ang dokumentong ito at ang mga nilalaman nito ay pag-aari ng Suunto Oy at inilalaan lamang para sa paggamit ng mga kliyente para makakuha ng kaalaman at impormasyon hinggil sa operasyon ng mga produkto ng Suunto. Ang mga nilalaman nito ay hindi dapat gamitin o ipamahagi para sa anumang ibang dahilan at/o ipagsabi sa anumang paraan, ibunyag o kopyahin nang walang paunang nasusulat na pahintulot ng Suunto Oy. Habang ganap naming iningatang matiyak na ang impormasyong nilalaman ng dokumentong ito ay parehong komprehensibo at tumpak, walang garantiya sa katumpakan ang ipinapahayag o ipinapahiwatig. Ang nilalaman ng dokumentong ito ay sasailalim sa pagbabago anumang oras nang walang abiso. Ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito ay maaaring i-download mula sa www.suunto.com

Index

alarm clock.....	38	mga icon.....	21
alarm sa bagyo.....	39	mga profile.....	13
Alti at Baro.....	13 , 14	mga ruta.....	32
Alti-Baro.....	10 , 11, 13, 14	mga setting.....	8
Ang GPS signal.....	26	mga sport mode.....	29 , 36
autopause.....	14	mga tamang reading.....	11
backlight.....	14	mga timer.....	18
batayang value.....	11 , 13	mga tunog.....	39
batayang value ng altitude.....	11	mode.....	14
baterya.....	41	Movescount.....	24 , 37
bearing.....	18	Moveslink.....	24
bearing lock.....	18	navigating.....	33
button lock.....	15	oras.....	37 , 38
compass.....	16, 17, 18	Oras ng GPS.....	38
countdown timer.....	18	pagbubura.....	32
Daylight Saving Time.....	38	pagbubura ng ruta.....	32
deklinasyon.....	17	pagcha-charge.....	7 , 41
display.....	19 , 20	pagdaragdag ng ruta.....	32
flashlight.....	14	pagka-calibrate.....	16
FusedAlti.....	11	pagna-navigate.....	20 , 30
GLONASS.....	28	pagpe-pair.....	29
GNSS.....	28	pagsi-sync.....	25
GPS.....	26, 28	pagsubaybay sa aktibidad.....	9
hanapin ang pabalik.....	20	panahon.....	39
heart rate sensor.....	29	pangangalaga.....	41
i-adjust ang mga setting.....	8	pangangasiwa.....	41
i-invert ang display.....	19 , 20	pinapayagan ng pagdaragdag.....	31
indicator ng nalalabing memory.....	23	point of interest (POI).....	30 , 31, 32
ipakita/itago ang mga display.....	19	profile na altimeter.....	13
i-snooze.....	38	Profile na awtomatiko.....	14
kasalukuyang lokasyon.....	31	profile ng barometer.....	14
kasama sa pagna-navigate.....	30	route.....	33
Katumpakan ng GPS.....	27	software.....	36
lagay ng panahon.....	39	stopwatch.....	36
liwanag.....	14	suporta.....	42
logbook.....	23	Suunto App.....	37
menu ng serbisyo.....	34	Suunto App Designer.....	37
mga aktibidad.....	29	Suunto App Zone.....	37
mga button.....	6	Suunto Movescount App.....	24 , 25
mga display.....	19	value ng pressure sa sea level.....	11
mga format ng posisyon.....	26	vibration.....	39
mga grid.....	26	waypoints.....	33
mga hakbang.....	9	wizard ng pagsisimula.....	7



SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

1. www.suunto.com/support
www.suunto.com/register
2. **AUSTRALIA (24/7)** +61 1800 240 498
AUSTRIA +43 72 088 3104
BELGIUM +32(0)78 483 936
CANADA (24/7) +1 855 624 9080
中国 (CHINA) +86 400 8427507
中国香港 (CHINA - Hong Kong) +852 58060687
DENMARK (EN, SV) +45 89872945
FINLAND +358 94 245 0127
FRANCE +33 48 168 0926
GERMANY +49 893 803 8778
ITALY +39 029 475 1965
JAPAN +81 34 520 9417
NETHERLANDS +31 10 713 7269
NEW ZEALAND (24/7) +64 988 75 223
POLAND +48 1288 10196
PORTUGAL (EN, ES) +35 1308806903
RUSSIA +7 499 918 7148
SPAIN +34 911 143 175
SWEDEN +46 85 250 0730
SWITZERLAND +41 44 580 9988
UK (24/7) +44 20 3608 0534
USA (24/7) +1 855 258 0900

Manufacturer:

Suunto Oy
Tammiston kauppatie 7 A,
FI-01510 Vantaa FINLAND



© Suunto Oy

Suunto is a registered trademark of Suunto Oy. All Rights reserved.